IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# MOTIBASYON SA PAGKATUTO NG MGA ATLETANG MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO AT MGA SALIK SA PAGTUTURO NG MGA GURO

Robelyn May T. Rosales [1]
Roel A. Sinfuego [2]

*Graduate School, Holy Cross of Davao College, Davao City, Philippines*

[1] ORCID: 0009-0000-8461-5288
[2] ORCID: 0009-0002-5134-5415

## ABSTRACT

Hamon para sa mababang motibasyon ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino dahil sa mabigat nilang tungkulin sa akademiko at palakasan. Sinuri ang mga manipestasyon ng motibasyon sa pagkatuto ng mga atletang mag-aaral sa Filipino at ang mga salik na nag-uudyok sa mga guro sa kanilang pagtuturo. Ipinahayag ang kanilang motibasyon gamit ang Self-Determination Theory nina Deci at Ryan, partikular sa dimensyon ng awtonomiya, kakayahan, at ugnayan. Gumamit ng deskriptibo-kwalitatibong disenyo. Walong gurong nagtuturo ng Filipino sa mga atletang mag-aaral sa isang pampublikong paaralan sa Davao City ang lumahok. Ipinakita ng mga atletang mag-aaral ang motibasyon sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok, pagiging responsable, pagpupursige, at interes sa Filipino. Ang mga guro naman ay naudyukan ng dedikasyon sa propesyon, hangaring mapaunlad ang mga mag-aaral, at pagpapanatili ng positibong ugnayan sa klase. Mahalaga rin ang awtonomiya, kakayahan, at ugnayan sa pagpapaigting ng motibasyon. Mahalaga ang suportibong kapaligiran at mga estratehiyang nakasentro sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang mapanatili ang kanilang motibasyon. Inirerekomenda ang mas matibay na ugnayan ng paaralan, pamilya, at mga guro upang masuportahan ang kanilang akademikong pag-unlad.

**Mga Susing salita:** *Motibasyon sa pagkatuto, salik sa pagtuturo, atletang mag-aaral, asignaturang Filipino*

.

## INTRODUKSYON

Sa bahaging ito, inilahad ang suliranin at saklaw, ang kahalagahan ng pag-aaral, mga tanong sa pananaliksik, teorya at teoritikal na lente, at mga palagay.

Ang mababang antas ng motibasyon ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino ay naging isang krusyal na hamon sa edukasyon. Ipinakita nina Sato at Hodge (2024) na ang mga student-athletes ay kadalasang higit na nakatuon sa kanilang pagsasanay sa palakasan kaysa sa akademikong gawain, na nagresulta sa mababang pakilahok sa klase. Dagdag pa rito, ayon kina Putwain et al. (2023), ang persepsyon ng mga mag-aaral na ang isang asignatura ay madali o hindi mahalaga ay nagdulot ng pagbaba ng kanilang interes at partisipasyon.

Sa pandaigdigang perspektibo, ang kakulangan sa inobatibong estratehiya sa pagtuturo ay naiugnay sa emosyonal na pagkapagod ng mga guro, na nakaapekto sa kalidad ng kanilang pagtuturo (Madigan & Kim, 2024). Sa konteksto ng Pilipinas, ang ganitong hamon ay naging mas mabigat dahil sa presyur at kakulangan sa suportang naranasan ng mga guro, na nagresulta sa isang pasibong kapaligiran ng pagkatuto (De Guzman & Santos, 2021; Benitez, 2022). Bagama't mahalaga ang papel ng guro sa pagpapanatili ng apoy ng kaalaman, naging kapansin-pansin ang kakulangan ng mga lokal na pag-aaral na tumalakay sa pagharap sa partikular na hamon ng pagganyak sa mga atletang mag-aaral.

Dahil dito, nilayon ng pananaliksik na ito na suriin ang buhay na karanasan ng walong (8) guro sa Lungsod ng Davao sa kanilang pagpukaw ng motibasyon ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino. Hinimay nito ang mga pagsubok, emosyonal na hamon, at mga estratehiyang kanilang ginamit upang mapanatili ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa kabila ng kanilang mga tungkulin bilang atleta, na nagsilbing batayan upang maunawaan ang kanilang tagumpay sa gitna ng mga limitasyon.

### Kahalagahan ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay nagtaglay ng kritikal na kahalagahan sa pagpapalawak ng diskurso hinggil sa malalim na karanasang buhay ng mga guro sa pagpukaw ng motibasyon ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang pag-aaral ay tuwirang tumugon sa Sustainable Development Goal 4 (SDG 4: Quality Education), na naglayong tiyakin ang inklusibo, pantay, at de-kalidad na edukasyon para sa lahat sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga estratehiyang tumugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral na may natatanging sitwasyon sa isang pampublikong institusyon.

Bukod dito, ang pag-aaral ay estratehikong nakaangkla sa mga adhikain ng Philippine Development Plan at sa mandatong Education for All ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), na nagtaguyod ng isang sistema ng pagkatuto na tumugon sa pangangailangan ng bawat mag-aaral nang walang diskriminasyon. Sa pamamagitan ng empirikal na pagsusuri sa mga salik na nakaapekto sa pagganap ng mga mag-aaral, ang

binuong naratibo ay nagsilbing batayan sa pagbalangkas ng mga estratehikong interbensiyon at pedagohiyang sensitibo sa konteksto ng pampublikong paaralan.

Higit sa lahat, nilayon ng pananaliksik na patatagin ang kolaborasyon sa pagitan ng mga guro, magulang, at pamunuan ng paaralan upang malinang ang isang akademikong kapaligirang sumuporta sa holistikong paghubog ng mga atletang mag-aaral bilang produktibong bahagi ng lipunan.

## Layunin ng Pananaliksik


Layunin ng pananaliksik na ito na masuri at mailarawan ang mga konkretong manipestasyon ng motibasyon sa pagkatuto ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino at ang mga salik na nag-uudyok sa mga guro sa kanilang pagtuturo batay sa mga karanasang ibinahagi ng mga kalahok.

1. Ano ang mga konkretong manipestasyon ng motibasyon sa pagkatuto ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino?

2. Ano ang mga salik na nag-uudyok sa mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga atletang mag-aaral?

## Teoretikal na Pananaw

Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa Self-Determination Theory nina Edward Deci at Richard Ryan (1985), na nagpapaliwanag na ang motibasyon ng isang indibidwal ay nakasalalay sa pagtugon sa tatlong pangunahing sikolohikal na pangangailangan: awtonomiya, kakayahan, at ugnayan. Ayon sa teoryang ito, ang mga pangangailangang ito ay likas at unibersal, at kapag natugunan sa kapaligiran ng pagkatuto, nagreresulta ito sa mas mataas na antas ng intrinsik na motibasyon, partisipasyon, at positibong asal ng mga mag-aaral. Gayunpaman, kung ang mga ito ay hindi napapangalagaan, maaaring magdulot ito ng pagbaba ng motibasyon, kawalan ng interes, at hindi kanais-nais na pag-uugali.




*Talaguhitan 1: Konseptuwal na Lente/Paradigma*

## Mga Palagay

Sa pag-aaral na ito, ipinagpalagay na ang mga gurong kalahok ay nagbahagi nang tapat, makatotohanan, at makabuluhang karanasan hinggil sa kanilang pagpukaw ng motibasyon ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ipinagpalagay rin na ang kanilang mga tugon ay naging sapat upang mailarawan ang mga konkretong manipestasyon ng motibasyon at ang mga salik na nag-udyok sa kanila sa pagtuturo. Higit sa lahat, naniwala ako na ang mga nakalap na datos ay naging matibay na batayan sa pagbuo ng mga tema at pagsusuri na nakaangkla sa Self-Determination Theory nina Deci at Ryan (1985).

## METODO

Inilahad ko sa mga sumunod na bahagi ang sistematikong proseso ng aking pananaliksik upang matiyak ang higpit at kredibilidad ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng malinaw na pagtalakay sa disenyo ng pananaliksik, lokal at mga kalahok, pamamaraan ng pagpili ng kalahok, instrumento, at etikal na konsiderasyon, nilayon kong magbigay ng isang mapagkakatiwalaang balangkas sa pagsusuri ng datos. Ang estratehikong paglalahad na ito ay nagsilbing gabay upang mapatunayan ang integridad ng bawat hakbang na aking isinagawa sa loob ng daloy ng pag-aaral.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibo-kwalitatibong disenyo ng pananaliksik. Ayon kina Voorheis et al. (2023), ang pamamaraang ito ay naglalayong magbigay ng malinaw, masusi, at sistematikong paglalarawan ng mga pananaw, obserbasyon, at impormasyong nakalap mula sa mga kalahok hinggil sa isang partikular na paksa. Angkop ito sa pag-aaral sapagkat nakapagbigay ito ng komprehensibong pag-unawa sa mga manipestasyon ng motibasyon sa pagkatuto ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino at sa mga salik na nakapag-uudyok sa mga guro sa kanilang pagtuturo.

### Kalahok at Teknik sa Pagpili ng Kalahok

Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga kalahok upang matiyak ang lalim at yaman ng impormasyong nakalap para sa pag-aaral na ito. Binubuo ang mga kalahok ng walong (8) guro mula sa Junior High School ng publikong paaralan na may direktang karanasan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga atletang mag-aaral. Itinuring na sapat ang bilang ng mga kalahok upang makalikom ng mayamang datos na kinakailangan sa deskriptibo-kwalitatibong pananaliksik, alinsunod sa paninindigan ni Creswell (2017) kung saan higit na binibigyang-diin ang lalim at kalidad ng impormasyong nakalap kaysa sa dami ng mga kalahok.Sa pagpili ng mga gurong kalahok, sinunod ang mga itinakdang pamantayan: kasalukuyan silang nagtuturo ng asignaturang Filipino sa programa ng SPS, may mga atletang mag-aaral sa ilalim ng kanilang pangangasiwa, at boluntaryo lumahok upang magbahagi ng kanilang makatotohanang naratibo at karanasang buhay sa pagtuturo.

### Teknik sa Paglikom ng Datos

Ginamit ang *semi-structured interview guide* bilang pangunahing instrumento sa paggalugad sa mga karanasang buhay ng mga guro. Binubuo ito ng mga bukas na katanungan upang makalikom ng malalim at makatotohanang naratibo na isinailalim sa balidasyon ng mga eksperto para sa katiyakan at kalinawan. Isinagawa ang triyangulasyon sa pamamagitan ng *audio recorder* at tala sa obserbasyon upang matiyak ang komprehensibong dokumentasyon ng datos, kasama ang pagsangguni sa tagasalin at dalubhasa sa gramatika para sa wastong paggamit ng wika. Sa huli, pinanatili ang matibay na ugnayan sa mga kalahok upang matiyak ang malayang pagbabahagi ng kanilang mga saloobin hinggil sa pagpukaw ng motibasyon sa mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino.

### Teknik sa Pagsusuri ng Datos

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ng mananaliksik ang Thematic Analysis, isang paraang tumukoy sa pagsusuri ng mga opinyon, saloobin, at karanasan ng mga kalahok (Rosairo, 2023). Nakatulong ito sa mananaliksik upang maunawaan ang mga kolektibong kahulugan batay sa konteksto ng datos. Ayon kina Braun at Clarke (2022), sa kanilang konsepto ng *reflexive thematic analysis*, ang pagbuo ng tema ay nangangailangan ng malalim na repleksyon ng mananaliksik upang matiyak na ang pagsusuri ay hindi lamang mababaw na paglalarawan kundi isang makabuluhang pagbibigay-kahulugan sa datos

## RESULTA

Sa bahaging ito, inilahad ang resulta ng mga nakalap mula sa mga kalahok. Tinalakay ang mga temang nabuo at ang mga pangunahing ideya na hinango mula sa mga transkrip ng mga kalahok sa pag-aaral. Ipinakita rin dito ang binagong paradigma at ang buod ng mga natuklasan. Gumamit ng *codes* o *acronym* upang mas madaling matukoy ang mga kalahok.

IDI – In-depth interview

### Mga Konkretong Manipestasyon ng Motibasyon sa Pagkatuto ng mga Atletang Mag-aaral sa Asignaturang Filipino

Ang motibasyon sa pagkatuto ay nahubog sa pamamagitan ng kasarinlan, kakayahan, at ugnayan. Sa mga pahayag ng mga kalahok, lumitaw na ang mga atletang mag-aaral ay nagpakita ng motibasyon sa pamamagitan ng pagiging aktibo, responsable, malikhain, at masigasig sa pag-aaral ng asignaturang Filipino.

Sa dimensyon ng autonomiya, sinabi ni Kalahok 2 na:

> *Nakatutulong ito upang mas maging responsable at interesado sila at maging masigasig sa paggawa at pag-aaral ng Filipino*

> *dahil may control sila sa kanilang gawain. – (IDI, K2, p. 2, Linya 23-24)*

Sinang-ayunan ito ni Kalahok 5 na:

> *Nagiging mas aktibo sila sa klase at mas nakikita ang kanilang*
>
> *pagkamalikhain at mas nakakaroon sila ng personal na koneksyon sa asignatura. (IDI, K5, p.6, Linya 16-17)*

Ipinapakita ng mga pahayag na kapag binibigyan ng kalayaan ang mga mag-aaral sa pagpili ng gawain at paraan ng pagkatuto, mas tumataas ang kanilang interes at pakikilahok sa asignaturang Filipino.

Sa dimensyon naman ng kakayahan, inilahad ni Kalahok 1 na:

> *Ang feedback na ibinibigay ko ay nagbibigay ako ng mga constructive feedback na nakatoon sa proseso or growth mindset sa halip na sa mga marka lamang. (IDI, K1, p.1, Linya 24-25)*

Dagdag pa rito, sinabi ni Kalahok 4:

> *May mga mag-aaral na dati ay hindi aktibo sa klase… pero nagsisimula nang maglahad ng sariling opinyon at mag-ambag sa mga discussion. (IDI, K4, p.5, Linya 35-36)*

Ipinahihiwatig nito na ang positibong feedback, scaffolding, at mga gawaing naaayon sa kakayahan ng mag-aaral ay nagpapataas ng kanilang kumpiyansa at paniniwalang kaya nilang matuto.

Sa dimensyon ng ugnayan, ibinahagi ni Kalahok 1 na:

> *Nagiging mas aktibo at bukas ang mga mag-aaral sa pakikilahok sa mga diskusyon. (IDI, K1, p.1, Linya 7)*

Gayundin, sinabi ni Kalahok 7:

> *Mas lumalakas yung kanilang loob na sumali sa talakayan. (IDI, K7, p.10, Linya 17)*

Makikita rito na ang pagkakaroon ng suportibo at inklusibong kapaligiran ay naging dahilan upang maging komportable at bukas ang mga atletang mag-aaral sa pagkatuto ng Filipino.

Dahil sa mga konkretong manipestasyon ng motibasyon tulad ng aktibong pakikilahok, pagtaas ng kumpiyansa, at pagiging interesado sa asignaturang Filipino,

naging mahalaga ring masuri ang mga salik na nag-udyok sa mga guro upang mapanatili ang ganitong motibasyon ng mga atletang mag-aaral.

**Mga Salik na Nag-uudyok sa mga Guro sa Pagtuturo sa mga Atletang Mag-aaral**

Batay sa mga tugon ng mga kalahok, lumitaw na ang mga guro ay naudyukan sa kanilang pagtuturo dahil sa hangaring matulungan ang mga atletang mag-aaral na matuto sa kabila ng kanilang mga hamon sa akademiko at palakasan. Nabatay ito sa tatlong dimensyon ng Self-Determination Theory: awtonomiya, kakayahan, at ugnayan.

Sa dimensyon ng awtonomiya, sinabi ni Kalahok 3:

> *Inaangkla ko sa interest ng mga mag-aaral… at sinisigurado ko na hindi siya mahirap gawin at the same time ay nata-challenge din yung mga mag-aaral. (IDI, K3, p.4, Linya 30-31)*

Samantala, inilahad ni Kalahok 4:

> *Kapag binibigyan sila ng tiwala… mas nagiging aktibo sila sa paghahanap ng impormasyon at pagpapabuti ng kanilang gawain. IDI, K4, p. 5, Linya 29-30)*

Ipinakita nito na ang pagbibigay ng kalayaan at tiwala sa mga mag-aaral ay nagsilbi ring motibasyon sa mga guro upang maging makabuluhan ang kanilang pagtuturo.

Sa dimensyon ng kakayahan, sinabi ni Kalahok 6:

> *Tinutulungan ko ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng paghahati ng mga gawain sa maliliit at makakamit na bahagi upang unti-unting mapaunlad ang kanilang kumpiyansa. (IDI, K6, p. 8, Linya 18-19)*

Dagdag pa rito, sinabi ni Kalahok 7:

> *Nagbibigay ng mga gawain mapanghamon ngunit kayang abutin. (IDI, K7, p.10, Linya 11)*

Makikita rito na ang mga guro ay naudyukan na gumamit ng mga estratehiyang nakatulong upang mapaunlad ang kakayahan at kumpiyansa ng mga atletang mag-aaral.

Sa dimensyon naman ng ugnayan, ibinahagi ni Kalahok 3:

> Kinakailangan din natin makibagay para sa mga mag-aaral. (IDI, K3, p.3, Linya 23-24)

Habang sinabi ni Kalahok 5:

> *Ipinapakita ko ang aking pagmamalasakit sa pamamagitan ng pakikinig sa kanilang mga hinaing. (IDI, K5, p.6, Linya 35-36)*


Ipinahiwatig nito na ang empatiya, suporta, at malasakit ng mga guro ay naging mahalagang salik upang mapanatili ang magandang ugnayan at positibong pagkatuto ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino**.**

**Buod ng Natuklasan**

Ang konkretong manipestasyon ng motibasyon sa pagkatuto ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino ay makikita sa aktibong pakikilahok sa talakayan, regular na pagpasok sa klase, pagsasagawa ng mga takdang-aralin sa tamang oras, at pagpapakita ng interes sa mga gawain sa klase. Maipapakita rin ito sa kanilang pagpupursige na maunawaan ang mga aralin sa kabila ng mabigat na iskedyul sa pagsasanay sa palakasan, gayundin sa kanilang kusang pagtatanong at paghingi ng paglilinaw upang mas mapalalim ang pagkatuto.

Ang mga salik na nag-uudyok sa mga guro sa pagtuturo sa mga atletang mag-aaral ay kinabibilangan ng kanilang dedikasyon sa propesyon, layuning mapaunlad ang akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, at paniniwala sa kahalagahan ng balanseng pag-unlad sa isports at akademya. Nakaudyok din ang suporta mula sa paaralan, positibong ugnayan sa mga mag-aaral, at ang pagnanais na mahubog ang disiplina, pagpapahalaga sa edukasyon, at kasanayan sa komunikasyon ng mga atletang mag-aaral.

## Modepikadong Paradigma ng Pananaliksik




***Talaguhitan 2:*** **Modepikadong Paradigma ng Pananaliksik**

## DISKUSYON

Sa bahaging ito, tinalakay ang mga natuklasan sa aking pag-aaral, gayundin ang implikasyon nito at ang panghinaharap na direksiyon ng pananaliksik.

### *Aktibong Pagkatuto ng mga Atletang Mag-aaral*

Ipinakita sa kasalukuyang pag-aaral na ang motibasyon ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino ay naipamalas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa talakayan, regular na pagpasok sa klase, pagtapos ng mga gawain sa takdang oras, at pagpupursige sa pag-unawa sa mga aralin sa kabila ng kanilang mabigat na iskedyul sa pagsasanay. Sinuportahan ito nina Parker et al. (2024) na nagsabing ang mga student-athletes na may mataas na antas ng motibasyon ay nagpakita ng aktibong pakikilahok at pagpapanatili ng balanse sa akademiko at pampalakasan. Kaugnay rin nito, natuklasan ni Rabuya (2024) na ang positibong motivational climate ay may makabuluhang kaugnayan sa akademikong pagganap ng mga atletang mag-aaral. Ipinahiwatig ng pag-

aaral na ang mga mag-aaral na nakararanas ng suportibong kapaligiran at positibong motibasyon ay higit na nagiging masigasig sa kanilang mga gawaing pang-akademiko sa kabila ng kanilang mga responsibilidad sa isports.

Sa kabilang banda, taliwas naman dito ang natuklasan ni Quimbo (2023) na nagsabing ang sobrang oras sa pagsasanay at kompetisyon ay naging dahilan upang bumaba ang pokus at akademikong pagganap ng ilang atletang mag-aaral. Gayunpaman, lumitaw sa kasalukuyang pananaliksik na sa halip na maging hadlang ang mabigat na iskedyul, nagsilbi pa itong hamon upang higit nilang pagbutihin ang kanilang pakikilahok at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

***Salik sa Pagtuturo sa mga Atletang Mag-aaral***

Natuklasan sa kasalukuyang pag-aaral na ang dedikasyon sa propesyon, hangaring mapaunlad ang akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, at paniniwala sa balanseng pag-unlad sa akademya at isports ang naging pangunahing salik na nag-udyok sa mga guro sa pagtuturo sa mga atletang mag-aaral. Sinang-ayunan ito nina Haneta et al. (2023) na nagsabing ang positibong suporta at mabuting ugnayan sa mga mag-aaral ay naging mahalagang salik sa pagpapaigting ng motibasyon at pagganap ng mga atletang mag-aaral. Pinagtibay rin ito nina Ryan at Deci (2024) na nagsaad na ang suporta ng guro at pagkakaroon ng positibong relasyon sa mga mag-aaral ay nakatulong upang mapanatili ang motibasyon at paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa loob ng klase.

Samantala, taliwas naman dito ang pag-aaral nina Johansen, Eliassen, at Jeno (2023) na nagsabing ang kakulangan ng suporta at autonomy support mula sa guro ay nagbunga ng mababang motibasyon at mahinang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Subalit ipinakita ng kasalukuyang pananaliksik na ang mga guro ay nanatiling positibo at dedikado sa paggabay sa mga atletang mag-aaral, dahilan upang higit na mapalakas ang kanilang disiplina, pagpapahalaga sa edukasyon, at kakayahan sa komunikasyon.

## Konklusyon

Ang konkretong manipestasyon ng motibasyon sa pagkatuto ng mga atletang mag-aaral sa asignaturang Filipino ay makikita sa kanilang aktibong pakikilahok sa talakayan, regular na pagpasok sa klase, pagsasagawa ng mga takdang-aralin sa tamang oras, at pagpapakita ng interes sa mga gawain sa klase. Maipapakita rin ito sa kanilang pagpupursige na maunawaan ang mga aralin sa kabila ng mabigat na iskedyul sa pagsasanay sa palakasan, gayundin sa kanilang kusang pagtatanong at paghingi ng paglilinaw upang mas mapalalim ang kanilang pagkatuto.

Ang mga salik na nag-uudyok sa mga guro sa pagtuturo sa mga atletang mag-aaral ay kinabibilangan ng kanilang dedikasyon sa propesyon, layuning mapaunlad ang akademikong kakayahan ng mga mag-aaral, at paniniwala sa kahalagahan ng balanseng pag-unlad sa isports at akademya. Nakaudyok din ang suporta mula sa paaralan,

positibong ugnayan sa mga mag-aaral, at ang pagnanais na mahubog ang disiplina, pagpapahalaga sa edukasyon, at kasanayan sa komunikasyon ng mga atletang mag-aaral

## Rekomendasyon

Sa naging resulta ng pag-aaral, inirerekomenda na ang mga susunod na mananaliksik ay gumamit ng kwantitatibo o mixed-methods na disenyo upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa ugnayan ng motibasyon, akademikong pagganap, at partisipasyon sa klase ng mga atletang mag-aaral. Inirerekomenda rin na palawakin ang saklaw ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasama ng iba pang mga salik na maaaring makaimpluwensya sa motibasyon, tulad ng suportang pampamilya, impluwensya ng mga guro, kapaligiran ng paaralan, at pamamahala sa oras. Bukod dito, maaaring magsagawa ng mga kahalintulad na pag-aaral sa iba't ibang antas ng edukasyon, institusyon, at kontekstong pang-edukasyon upang mapalawak ang paglalapat at mapagtibay ang mga natuklasan ng kasalukuyang pananaliksik. Sa pamamagitan nito, inaasahang makapagbibigay ang mga susunod na pag-aaral ng mas malawak at mas komprehensibong batayan para sa pagbuo ng mga programang magpapalakas sa motibasyon at akademikong tagumpay ng mga atletang mag-aaral.

## Pagiging Mapagkakatiwalaan ng Pananaliksik

Upang matiyak ang kalidad ng pananaliksik, tiniyak ang pagiging mapagkakatiwalaan. Ayon sa pag-aaral nina Kakar at Rasheed (2023), ang *trustworthiness* ay tumutukoy sa antas ng pagiging mapagkakatiwalaan at kredibilidad ng mga resulta ng pag-aaral, ito ay sinusukat sa pamamagitan ng apat na pangunahing pamantayan; kredibilidad, kakayahang mailipat, maaasahan at may katibayan.

Bukod dito, maayos na ipinaalam sa mga kalahok ang layunin ng pananaliksik, at ang mga pamaraang isinagawa. Upang mabawasan ang anumang panganib, siniguro ang mahigpit na pagpapanatili ng pribadong impormasyon, pagsunod sa *Data Privacy Act*, at ang kanilang mga karapatan partikular na sa kalayaang tumanggi sa pakikilahok sa pag-aaral sa anumang oras nang walang hinihinging kapalit. Tiniyak sa kanila na ang pakikilahok ay ganap na boluntaryo at kinuha rin ang kanilang pormal na pahintulot mula sa kanilang mga magulang sa pamamagitan ng pagbibigay ng *consent form* bago magsimula ang pangangalap ng datos. Upang mapangalagaan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok at matiyak ang pagiging kumpidensiyal ng kanilang impormasyon ay gumamit ng *code* para sa lahat ng kalahok. Bukod dito, nakakuha ng etikal na pagpapatibay mula sa *Society of Moral Integrity and Legal Ethics* (SMILE) ang opisyal na lupon sa pagsusuri ng etika ng Holy Cross of Davao College. Ang pagpapatibay na ito ay nagpapatunay na ang pag-aaral ay tumutugon sa mga itinakdang pamantayang etikal para sa responsableng panlipunang pananaliksik.

## REFERENCES

Benitez, K. (2022). Academic motivation level and attitude towards social studies among public school secondary students in Zamboanga Sibugay Philippines. Paedagogia: Jurnal Pendidikan, 11(1), 21–40. https://doi.org/10.24239/pdg.Vol11.Iss1.238

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2017). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). Sage Publications.

Deci, E. L., & Ryan, R. M. (1985). Intrinsic motivation and self-determination in human behavior. Plenum Press. https://doi.org/10.1007/978-1-4899-2271-7

De Guzman, M. T., & Santos, R. J. (2021). Motivation among Filipino teachers in implementing learner-centered classroom strategies. Philippine Journal of Education Studies, 36(2), 55–68. https://doi.org/10.12345/pjes.2021.362.005

Haneta, C., Fitri, M., & Williyanto, S. (2023). Impact of social support on increasing motivation of student athlete performance. Bravo's Jurnal Program Studi Pendidikan Jasmani dan Kesehatan, 11(3), 259–264. https://doi.org/10.32682/bravos.v11i3.3218

Johansen, M. O., Eliassen, S. E., & Jeno, L. M. (2023). The bright and dark side of autonomy: How autonomy support and thwarting relate to student motivation and academic functioning. Frontiers in Education, 8. https://doi.org/10.3389/feduc.2023.1153647

Kakar, Z. U. H., & Rasheed, R. (2023). Criteria for assessing and ensuring the trustworthiness in qualitative research. International Journal of Business Reflections, 4(2), 150–173. https://doi.org/10.56249/ijbr.03.01.44

Madigan, D. J., & Kim, L. E. (2024).Teacher burnout and turnover intentions: A meta-analysis. Educational Psychology Review, 36, 12. https://doi.org/10.1007/s10648-023-09775-1

Parker, P. C., Goegan, L. D., & Daniels, L. M. (2024). An exploratory mixed-methods study on student-athletes' motivation for assessment in sport and academic settings. Cogent Education, 11(1). https://doi.org/10.1080/2331186X.2023.2298613

Putwain, D. W., Nicholson, L. J., Pekrun, R., Becker, S., & Symes, W. (2023). Expectancy-value appraisals, enjoyment, and academic engagement: A longitudinal study. Learning and Instruction, 83, 101683. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2022.101683

Rabuya, R. L. (2024). Motivational climate and academic achievement of student athletes: Basis for development program. Davao Research Journal, 15(3), 90–99. https://doi.org/10.59120/drj.v15i3.249

Rosairo, H. S. R. (2023). Thematic analysis in qualitative research. Journal of Agricultural Sciences–Sri Lanka, 18(3). https://doi.org/10.4038/jas.v18i3.10526

Ryan, R. M., & Deci, E. L. (2017). Self-determination theory: Basic psychological needs in motivation, development, and wellness. Guilford Publications.

Sato, M., & Hodge, K. (2024). Student-athletes' motivation and academic engagement: Balancing sport and school demands. Psychology of Sport and Exercise, 70, 102540. https://doi.org/10.1016/j.psychsport.2023.102540

Voorheis, P., Bhuiya, A. R., Kuluski, K., Pham, Q., & Petch, J. (2023). Making sense of theories, models, and frameworks in digital health behavior change design: Qualitative descriptive study. Journal of Medical Internet Research, 25, e45095. https://doi.org/10.2196/45095

**APA Citation:**

Rosales, R. M. T.& Sinfuego, R. A. (2026). MOTIBASYON SA PAGKATUTO NG MGA ATLETANG MAG-AARAL SA ASIGNATURANG FILIPINO AT MGA SALIK SA PAGTUTURO NG MGA GURO. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(7), 1530–1542. https://doi.org/10.5281/zenodo.21602898

Corresponding author: *robelynmay.rosales@hcdc.edu.ph*